Ang Sinuportahang Programa sa Pagdebelop ng Bata o Supported Child Development Program (SCDP) Child Development ay sumusuporta sa mga bata upang ganap na makasali sa mga programang pangangalaga sa mga bata sa pook ng magkakapit-bahayan.

Ang mga programang pangangalaga ng bata ay kabilang ang mga lisensiyadong preschool, group daycare, family child care at school age care.

Ang SCDP ay nagseserbisyo sa mga bata mula sa kapanganakan hanggang labindalawang taong gulang, na may pagkabalam sa pagdebelop o kakawalang-kakayahan at nangangailangan ng dagdag na suporta.

Ang pagkabalam sa pagdebelop o "developmental delay" o kaya ay kawalang kakayahan o "disability" ay maaaring maka-apekto sa pagdebelop o paglinang ng pisikal, pang-isip, pangkomunikasyon o pangsosyal, emosyunal na pag-uugali.

Ang mga programa ay matatagpuan sa mga komunidad sa kabuuang dako ng British Columbia.

Paano makikipag-ugnayan sa Supported Child Development Program

Kontakin ang Supported Child Development Program sa inyong komunidad sa:

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa SCDP kontakin ang:

Office of the Provincial Advisor

Supported Child Development Program

237 Third Street

Courtenay, BC V9N 1E1

1-866-338-4881

www.scdp.bc.ca

bawa't bata ay kasali

Sinuportahang Programa sa Pagdebelop o Paglinang ng Bata

Supported Child Development Program

www.scdp.bc.ca

Kung kayo ay nababahala sa pagdebelop o paglinang ng inyong anak, ang **Sinuportahang Programa sa Pagdebelop o Paglinang ng Bata (Supported Child Development Program)** ay makatutulong.



Mga Panuntunang Gabay

- Pagsasali – ang lahat ng mga bata ay sinusuportahan upang ganap na makasali sa mga programang pangangalaga sa mga bata sa magkakapit-bahayan
- Nakasentro sa pamilya – nangangahulugan ito na kayo, ang magulang, ang pumipili kung anong klaseng suporta ang nais ninyo
- Indibidwal naPagpaplano – ang natatanging kalakasan at pangangailangan ng bawa't bata ay kinikilala at sinusuportahan
- Pagdebelop o paglinang ng bata – ang mga bata na may pangangailangan sa pagdebelop ay maaaring gamitin ang maagang interbensiyon at mga naaangkop na mga suporta sa pagdebelop
- Naka-base sa komunidad – mga programa ay sumasalamin sa mga lokal na pangangailangan at mga priyoridad
- Respeto para sa pagkakaiba-iba ng mga kultura
- Suporta para sa pagpapatatag ng kakayahan sa mga komunidad ng mga Katutubo (Aboriginal)

Mga Serbisyong makukuha

- Tinutulungan ang mga pamilya na makahanap ng mga programa sa pangangalaga ng bata na pinakamahusay na makatutugon sa pangangailangan ng bata at pamilya
- Nagtatrabaho bilang isang pangkat o team upang matukoy ang mga layuning pangdebelop at makapagpasiya ng mga istratehiya upang masuportahan ang pag-unlad tungo sa mga layunin
- Dagdag na tauhan kapag kinakailangan – patuloy na suporta at konsultasyon upang maisulong ang kapaligiran na humihimok ng pagsali
- Pagsasangguni o "referrals" sa mga propesyunal tulad ng Speech Language Pathologists, Occupational Therapists, Physical Therapists.
- Laybrari ng pahiraman – mga laruan, kagamitan, aklat, video at mga mapagkukunan o "resources"
- Koordinasyon ng serbisyo
- Pagsasanay at suporta sa mga magulang at mga nagkakaloob ng pangangalaga sa mga bata

Pagsali o Partisipasyon

Ang pagsali o partisipasyon ay kusang-loob o boluntaryo at ang mga serbisyo ng SCDP ay walang bayad.

Ang mga magulang ang nananagot sa bayad sa pag-aalaga ng bata. Ang mga pamilyang may mabababa o nasa kalagitnaang kita (middle income) ay maaaring mag-apply para sa tulong o "subsidy" sa pangangalaga ng bata upang makatulong sa bayad sa pag-aalaga ng bata.

Pagsasangguni o "referrals"

Ang mga magulang ay maaaring makipag-ugnayan ng deretso sa SCDP o maaaring isangguni ng mga propesyunal sa komunidad kabilang ang mga:

Nagkakaloob ng Pambatang Pangangalaga

Mga Konsultant sa Pagdebelop ng mga Sanggol

Mga Therapist

Mga Nars para sa Pangmadlang Kalusugan o Public Health Nurses

Mga Doktor

Mga Social Worker